

Patnubay ng Suporta para sa Pamumuhay

***Itong impormasyon ay noong Abril 27,2019,muling i-uupdate na lamang namin ito.**

(Ang ilan sa mga panukalang ito,ay suportang kasama sa mga naitatag na badyet para sa taon ng 2020.)

Kung mayroong problema sa pera (Mga gastos sa pamumuhay at pondo ng negosyo)

- **Espesyal na nakapirming benepisyo (Pansamantalang pangalan)**
Magbibigay kami ng tulong ng 100,00 yen sa bawat tao kung kayo ay nakarehistro sa Basic Resident Registration, na sanggunian ay petsa ng (Abril 27,2020)
*Ang deadline ng aplikasyon ay nasa loob ng tatlong buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng aplikasyon

P. 3
- **Pansamantalang espesyal na benepisyo sa mga pamilyang may pinapalaking anak (Para sa mga pamilyang may pinapalaking bata)**
Bilang isa sa mga pagsisikap na suportahan ang pamumuhay ng pamilyang may mga anak na naapektuhan ng nakakahawang sakit ng bagong coronavirus,magbibigay ng pansamantalang espesyal na benepisyo (lump sum payment) sa mga tumatanggap ng allowance ng bata (ang pangunahing benepisyo sa panuntunan).

P. 4
- **Pagbibigay ng maliit na pondo pang emerhensiya at Pangkalahatang pondo ng suporta (Mga gastos sa pamumuhay)**
Magbibigay ng kinakailangang gastos sa pamumuhay sa mga nag-aalala tungkol sa kanilang mga gastos sa pamumuhay dahil sa pagsuspende sa trabaho o kawalan ng trabaho dahil sa impeksyon ng bagong coronavirus.

P. 5
- **Tustos para sa pagpapanatili (Para sa maliit at katamtaman ang laki ng negosyo at Indibidwal na negosyo)**
Para sa mga negosyo na labis na naapektuhan ng pagkalat ng bagong impeksyon ng coronavirus, bibigyan ng tustos na maaaring magamit nang malawak sa lahat ng mga negosyo, na maaaring suportahan ang pagpapatuloy at muling pagtatag ng mga negosyo.

P. 6
- **Halos walang interes at unsecured loan (Pondo ng negosyo)**
Dahil sa epekto ng bagong impeksyon sa coronavirus ay lumubha ang kondisyon ng mga indibidwal na may-ari ng negosyo kabilang ang mga freelancer ,kami ay magpapautang ng halos walang interes at walang kolateral.

P. 7
- **Pagpostpone ng kabayaran sa Social Insurance**
Bilang isa sa mga hakbang na pang emerhensiya para sa mga taong nag-aalala tungkol sa kanilang pamumuhay, pagbabayad ng social insurance, pambansang buwis,atbp. Ay maaaring i-postpone ang paniningil sa bayad.

P. 8 ~10
- **Seguridad para sa benepisyo ng pabahay (renta)**
Dahil sa mga pagsuspende nabawasan ang kita, nasa sitwasyon na mawawalan ng trabaho o isasarado ang negosyo, sa mga may panganib na mawawala ang kanilang tirahan,kami ay magbibigay ng malawak na tulong na isang tiyak na tagal ng panahon ng kabayaran sa renta.

P.11
- **Suportang sistema para sa mga taong maliit ang sweldo o puhunan upang makapag sarili**
Para sa mga nahihirapan o may iba't ibang problema sa pamumuhay,nagbibigay kami ng komprehensibong suporta na naaayon sa kalagayan ng bawat tao.

P.12
- **Tulong para sa kapakanan ng tao**
Ang tulong para sa kapakanan ng tao,ay ginagawa para mapanatitli ang minimal na antas ng pamumuhay at malayang makapamuhay ng sarili,sistema na nagbibigay ng kailangang proteksyon depende sa antas ng kahirapan ng isang indibidwal.

P.13

Patnubay ng Suporta para sa Pamumuhay

Kung nasuspende ang trabaho dahil sa impeksyon sa bagong coronavirus

- **Tustos para sa nagkapinsala at may sakit**

Kung ang isang tao na naka insured sa health insurance ay kumuha ng leave of absence dahil sa pagpapagamot ng pinsala o sakit, bibigyan namin sya ng income security mula sa ika 4 na araw ng kanyang leave.

P.14

- **Sustento para sa pagsuspende sa trabaho**

Kung ang kumpanya ang responsable kung bakit ang isang empleyado ay nag leave, ang kumpanya ay dapat bayaran ang leave (60 porsyente o higit pa ng kabuuang sweldo).

P.15

- **Employment Adjustment Subsidy**

Para sa may-ari ng negosyo na napipilitang bawasan ang kanilang mga aktibidad sa negosyo dahil sa pang-ekonomiyang kadahilanan, susuportahan namin ang sustento para sa pagsuspende ng negosyo upang mapanatili ang trabaho.

P.16

Kung kinakailangang alagaan ang bata dahil sa pansamantalang pagsuspende ng elementarya

- **Pagbigay ng tulong sa pagsuspende ng Elementarya**
(Para sa mga may-ari ng negosyo na may empleyadong may nag-aaral na anak)

Kung elementarya atbp. ay pansamantalang na suspende, (kahit regular na empleyado o hindi, upang makuha ang tulong sa mga nabawas na sweldo na hindi nakapasok na mga "emplyado (magulang)" sa trabaho, ang kumpanyang kumuha ng Paid leave (Miliban lang sa Taunang may-bayad na bakasyon sa ilalim ng Labor Standards Act), ay makakakuha ng tulong.

P.17

- **Pagbibigay ng tulong sa pagsuspende ng Elementarya**
(Para sa mga indibidwal na nagtatrabaho ayon sa kontrata)

Kung ang isang elementarya, atbp ay pansamantalang nasuspende, at kailangang alagaan ang mga anak, na ang mga "mayroong indibidwal na trabaho na kinontrata (magulang)" ay makakakuha ng tulong.

P.18

- **Pangunahing kumpanya na sumusuporta sa gumagamit ng Babysitter**

Ito ay tulong na bayad sa paggamit ng babysitter, nang ang bagong coronavirus ay naging dahilan sa pansamantalang pagsuspende sa elementarya atbp., na ang mga magulang na nagtatrabaho ay hindi nakapasok at hindi rin nagamit ang after school club atbp. Magagamit rin ito sa mga nagtatrabaho nang indibidwal.

P.19
~20

Espesyal na Nakapirming Benepisyo

(Pansamantalang Pangalan)

Bilang bahagi ng hakbang sa ekonomiya ngayon may emergency dahil sa nakakahawang sakit ng bagong coronavirus, magbibigay ng 100,000 yen sa bawat tao upang suportahan ang mga sambahayan nang mabilis at accurate na simpleng pamamaraan.

Sa makatatanggap ng benepisyo

Kung kayo ay nakatala sa Basic Resident Registration, na sanggunian ay petsa ng (Abril 27, 2020)

Halaga ng benepisyo

Para sa makatatanggap **100,000 yen** bawat tao

Benepisyaryo

Ay ang ulo ng pamilya ang makatatanggap ng tustos

Pamamaraan kung paano mag-apply para sa benepisyo at kung paano ito matatanggap

Ang pag apply para sa benepisyo ay batay sa sumusunod (1) at (2), sa pangkalahatang tuntunin, ang benepisyo ay idedeposit sa bank account ng nakapangalan sa aplikasyon.

*Para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon, ang aplikasyon at benepisyo ay tatanggapin lang sa counter kung talagang kinakailangan.

(1) Paraan ng aplikasyon na ipapadala

Punan ang bank account sa pinadalang aplikasyon para sa benepisyaryo mula sa munisipyo, at ipadala sa munisipyo kasama ang kopya ng dokumento ng kumpirmasyon ng bank book at dokumento ng kumpirmasyon ng pagkakakilanlan sa inyo.

(2) Paraan ng aplikasyon sa online (Maaaring magamit ang mayroong My Number Card)

Ilagay ang impormasyon ng bank account sa site ng Myna Portal, i-upload ang dokumento ng kumpirmasyon ng bank account, isumite nang elektroniko ang aplikasyon (ang pagkakakilanlan ay makukumpirma ng elektronikong pirma, kaya hindi na kinakailangan ang dokumento ng pagkakakilanlan).

Petsa ng pagtanggap ng aplikasyon at kalian matatanggap ang benepisyo

Depende at ang munisipyo ang magdidisasyon (Sa pagsasaalang-alang sa layunin ng pang-ekonomiyang hakbang sa pang-emerhensiya, naglalayong simulan namin ang pagbibigay ng tulong sa lalong madaling panahon)

Ang deadline ng aplikasyon ay **nasa loob ng 3 buwan mula sa petsa ng natanggap na pinadala na aplikasyon**

i

● **Sa mga kinakailangang papeles at detalye ng benepisyo,** pumunta sa website ng Ministry of Internal Affairs and Communications.

● Nagtayo kami ng **call center** para sa mga katanungan
03-5638-5855

Oras ng Pagtanggap: 9 : 00 - 18 : 30

(maliban sa Sabado Linggo at pista opisyal)



Pansamantalang Espesyal na Benepisyo para sa mga Pamilyang may pinapalaking bata sa taong 2020

Bilang isa sa mga pagsisikap na suportahan ang pamumuhay ng pamilyang may mga anak na naapektuhan ng nakakahawang sakit ng bagong coronavirus, magbibigay ng pansamantalang espesyal na benepisyo (lump sum payment) sa mga tumatanggap ng allowance ng bata (ang pangunahing benepisyo sa panuntunan).

Sa mga makatatanggap ng tulong

Ibibigay ang benepisyo sa mga tumatanggap ng allowance ng bata (ang pangunahing benepisyo sa panuntunan) noong Abril 2020 (kasama ang Marso).

*Ang mga target na bata ay ipinanganak sa loob o bago ng Marso 31, 2020, at naging junior high school hanggang Marso 2020

Kasama rin (ang bagong mag-aaral ng 1st year high school)

Halaga ng pagbabayad

10,000 yen sa bawat target na bata

Ibibigay ang tulong mula sa munisipyo kung saan nakatira noong Marso 31, 2019

*Para sa mga bagong mag-aaral ng 1st year high school, ibibigay ang tulong mula sa munisipyo kung saan ka nakatira noong Pebrero 29, 2020.

*Kung lumipat ka sa loob o pagkatapos ng Abril 1, 2020, magtanong tungkol sa mga detalye sa munisipalidad ng iyong bagong address.

Pamamaraan ng aplikasyon

Karaniwan, hindi na kailangang mag-apply.

Sa mga makatatanggap ng tulong ay bibigyan ng abiso mula sa munisipyo kung saan kayo nakatira hanggang Marso 31, 2020.

*Para sa mga empleyado ng gobyerno, mag-apply sa iyong kaugnay na munisipyo para sa iyong sarili, matapos patunayan ng iyong tanggapan na ikaw ay isa sa mga makatatanggap ng tulong.



● **Impormasyon ng contact**

Sa counter ng 「Pansamantalang espesyal na benepisyo para sa pamilyang may mga anak」 munisipalidad na nakatira na address noong Marso 31, 2020 (mga bagong mag-aaral ng 1st year high school, noong Pebrero 29, 2020)

(Tungkol sa pangkalahatang sistema, ang tanggapan ng Gabinete ng Pansamantalang espesyal na benepisyo para sa pamilyang may mga anak na Call Center (Magsisimula sa unang bahagi ng Mayo))

Pagbibigay ng maliit na Pondo ng Emerhensiya at Pangkalahatang Pondo ng Suporta (Mga gastos sa pamumuhay)

Ang bawat Council of Social Welfare ng prefecture ay nagbibigay ng mga espesyal na pautang sa mga nag-aalala tungkol sa kanilang mga gastos sa pamumuhay dahil sa pagsuspende sa trabaho o kawalan ng trabaho dahil sa impeksyon sa bagong coronavirus.

Pagbibigay ng maliit na pondo ng emerhensiya (Sa mga nangangailangan ng pansamantalang pondo [Sa halos nasuspende sa trabaho])

Nagpapahiram kami ng kaunting pera kung sakaling may kagipitan at pansamantalang kahirapan sa pagpapanatili ng pamumuhay.

Sa mga makatatanggap ng tulong

Ang mga sambahayan na naapektuhan ng impeksyon sa bagong coronavirus, na ang kita ay nabawasan dahil sa pagsuspende sa negosyo, at nangangailangan ng pautang para sa emergency at pansamantalang pagpapanatili ng pangkabuhayan
*Kung nabawasan ang kita dahil sa epekto ng bagong coronavirus, o kahit hindi suspende sa trabaho ay maaaring makatanggap ng tulong.

Pinakamataas na Halaga ng pagpapahiram

Sa loob ng 200,000 yen, sa pagsuspende sa paaralan na hindi nakapasok sa trabaho ang magulang atbp., bukod na kaso tulad ng nagmamay-ari ng indibidwal

Sa loob ng 100,000 yen, sa iba pang mga kaso

Panahon ng pagpapaliban

Loob ng 1 taon

Deadline ng pagtubos

Loob ng 2 taon

Interes ng pautang / Garantor Walang interes / hindi kailangan

Pangkalahatang pondo ng suporta (Sa mga kailangang itayo ang kanilang pamumuhay [Sa halos mga nawalan ng trabaho])

Magpapahiram kami ng gastos sa pamumuhay hanggang sa kayo ay makatayo ng bagong buhay.

Sa mga Makatatanggap ng tulong

Ang mga sambahayan na naapektuhan ng impeksyon sa bagong coronavirus, na nahihirapan sa pagpapanatili ng kanilang pang-araw-araw na buhay dahil sa hindi magandang kita at kawalan ng trabaho

*Kung nabawasan ang kita dahil sa epekto ng bagong coronavirus, o kahit hindi nawalan ng trabaho ay maaaring makatanggap ng tulong.

Pinakamataas na halaga ng pagpapahiram

(mahigit sa 2 tao) Sa loob ng 200,000 yen sa isang buwan

(Isang tao) Sa loob ng 150,000 yen sa isang buwan

(Panahon ng pagpapahiram: sa prinsipyo sa loob ng 3 buwan)

Panahon ng pagpapaliban

Loob ng 1 taon

Deadline ng pagtubos


Loob ng 10 taon

Interes ng pautang/ Garantor Walang interes / hindi kailangan

*1 Gamit ang espesyal na panukalang ito, magiging possible na malaya kang matubos mula sa sambahayan hanggang sa buwis sa trabaho. At kung ang kita ay magpapatuloy na bumaba sa oras ng pagtubos.

*2 Unang ipapahiram ang 200,000 yen na pondo para sa emergency at kung ang kita ay mapapatuloy bumaba, karagdang magpapahiram pa rin ng 200,000 yen para sa 3 buwan para sa higit sa 2 kasambahay upang mas malawak na masusuportahan ang pondo mg pangsuporta.
(Hanggang 800,000 yen)

Proseso kung paano umutang



● Para sa mga pangkalahatang katanungan, **Consultation call center**

0120-46-1999 *9:00~21:00 (Sabado, Linggo at pista opisyal)

● Para sa **pag-apply pumunta sa Municipal Social Welfare Council kung saan nakatira** o sa **Labor Union**

0120-46-1999 *9:00~21:00 (kasamang katapusan ng linggo at pista opisyal)

*Maaari ring mag-apply sa pamamagitan ng koreo.

* Sa mga prefecture at designated city ng Social Welfare Councils homepage, ay naka post bilang "Mga link" at "Listahan ng Munisipalidad at Ward Social Welfare Council (name list)" sa homepage ng Munisipalidad ng Social Welfare Council. Suriin mula sa QR code sa kanan. Kung wala sa listahan, mag search at gamitin ang site sa Internet.



Tustos para sa Pagpapanatili

Ang tustos para sa pagpapanatili, ay para sa labis na naapektuhan ng pagkalat ng bagong impeksyon ng coronavirus, magbibigay ng tulong para maging mapagkunan ng pagbawi sa negosyo, suporta upang mapagpatuloy ang negosyo at maaaring magamit nang malawak para sa lahat ng mga negosyo.

Sa makatatanggap ng benepisyo

○ Sa mga tao na ang mga kita ay nabawasan ng **50% o higit pa*** ikumpara sa parehong buwan noong nakaraang taon, dahil sa epekto ng impeksyon sa bagong coronavirus

*Maliban sa mga malalaking kumpanya na may puhunan na 1 billion yen o higit pa, malawak na naaangkop ang mga Indibidwal na negosyo, Negosyong katamtaman ang laki, Maliit at katamtaman ang laki ng negosyo, Maliit na negosyo, at kabilang ang mga freelancers.

At saklaw din nito ang malawak na hanay ng mga korporasyon maliban sa mga kumpanya, tulad ng mga **Korporasyon medical, Korporasyong pang-Agrikultura, Korporasyon ng NPO, at mga Korporasyon sa kapakanan ng lipunan.**

Halaga na benepisyo

2 million yen para sa mga Korporasyon, **1 million yen** para sa Indibidwal na negosyo (Ngunit, **noong nakaraang taon na 1 taon na kita na nabawas lamang ang pinakamataas na limitasyon na babayaran.**)

Paraan ng pagkalkula na nabawas sa kita

Kabuuang kita sa nakaraang taon (kita ng negosyo) — (ikumpara sa parehong buwan na nakaraang taon, na ang benta ng buwan $\times 12$ ay bumaba ng $\blacktriangle 50\%$ o higit pa)

* Batay sa nabanggit, patuloy na magsasaalang-alang ang mga paraan upang tumugon sa mga itinatag noong nakaraang taon.

● Sa mga katanungan

Konsultasyon para sa Benepisyo at Financing ng Maliit at katamtaman ang laki ng negosyo 0570-783183

*Karaniwang araw, Sabado, Linggo, Pista opisyal 9:00~17:00

Bagaman ang mga detalye ng system ay isinasaalang-alang, ang nilalaman ng maraming mga katanungan tulad ng application at pagsisimula ng pagbabayad, at ang impormasyon na kinakailangan para sa aplikasyon, at ang pangunahing ideya ay inilarawan sa website ng Ministry of Economy, Trade and Industry.

Suriin mula sa sumusunod na link, o sa QR code sa kanan.

<https://www.meti.go.jp/covid-19/pdf/kyufukin.pdf>



Halos walang Interest at Unsecured Loan

(Pondo ng negosyo)

Dahil sa epekto ng bagong impeksyon sa coronavirus ay lumubha ang kondisyon ng mga indibidwal na may-ari ng negosyo kabilang ang mga freelancer ,kami ay magpapautang ng halos walang interes at walang kolateral. Ang "Bagong Impeksyon sa Coronavirus Special Loan" at "Special Interest Supply System" na magkasamang gagamitin ay may katiyakan na halos walang interes at kami ay magbibigay ng suportang pinansyal para sa mga pondo ng negosyo.

Bagong Impeksyon sa Coronavirus Special Loan

Kung ang isang negosyo ay naapektuhan ng bagong impeksyon sa coronavirus (ang kita ng nakaraang buwan ay bumaba ng 5% o higit pa kumpara sa parehong buwan ng nakaraan taon o ng taon na nagdaan pa)na may-ari ng negosyo (kabilang ang mga freelancers na may potensyal sa negosyo), naitatag namin ang isang sistema ng linya ng pagutang o kredito kung saan ang interes nito ay nakapirmi anuman ang kolateral o kung gaano ka karapat dapat pautangin,at ang rate ng interes ay mabawasan ng 0.9% sa 3 taon pagkatapos ng utang.

* Nagiisang may-ari ng negosyo (kabilang ang freelancers na may potensyal sa negosyo,limitado sa maliit na negosyo) na magagawang tumugon sa angkop na kakayahan ipaliwanag ang epekto sa kanilang negosyo.

Paggamit ng pondo | Pagpatakbo sa negosyo,Para sa kagamitan

Kolateral | hindi kailangan

Panahon ng pautang | Kagamitan sa loob ng 20 taon,Pagpatakbo sa loob ng 15 taon

Defer.Period | Sa loob ng 5 taon

Limitasyon ng pondo (separate frame) | Maliit at katamtaman ang laki ng negosyo 300 million yen, Maliit na negosyo 60 million yen

Interes | Unang 3 taon base rate▲0.9%, Base rate pagkatapos ng 4 taon

(Rate cut limit : Maliit at katamtaman ang laki ng negosyo 100 million yen, Maliit na negosyo 30 million yen)



● Konsultasyon sa Karaniwang araw

Japan Policy Finance Corporation Business Fund Consultation Dial : 0120-154-505

Okinawa Devel. Finance Corp. para sa maliit at katamtamang laki ng negosyo : 098-941-1785

● Konsultasyon sa Sabado,Linggo at pista opisyal

Japan Finance Corporation : 0120-112476 (Maliit na negosyo) , 0120-327790 (Sa maliit at katamtaman ang laki ng negosyo)

Okinawa Devel. Finance Corp. : 098-941-1795

Special Interest Supply System



Ang pagtanggap ng aplikasyon ay hindi pa nagsisimula. Ipapahayag namin ito sa lalong madaling panahon,matapos ihanda ang mga detalye tungkol sa mga kinakailangan sa pagbabayad at mga pamamaraan ng aplikasyon.

- ▶ Magsasagawa kami ng suportang pinansyal sa pamamagitan ng pagbibigay ng supply ng interes sa mga indibidwal na may-ari ng negosyo (Kasama ng freelancer na meron potensyal sa negosyo) na humihiram ng pera sa pamamagitan ng " Bagong Impeksyon sa Coronavirus Special Loan" ng Japan Policy Finance Corporation

Panahon para punuan ang interes | Unang 3 taon matapos humiram

Mga interes na dapat punuan | Maliit at katamtaman ang laki ng negosyo 100 million yen, Maliit na negosyo 30 million yen



● Konsultasyon para sa Benepisyo at Financing ng Maliit at katamtaman ang laki ng negosyo

0570 – 783183

(Karaniwang araw,Sabado,Linggo, Pista opisyal 9:00~17:00)

Pagpostpone ng kabayaran sa Social Insurance ①

Sistema ng pagpostpone ng pagbayad sa employee pension insurance atbp.

1. Pagpapahintay hanggang sa makagawa ng pera para sa kabayaran

Kung ang kumpanya ay nahihirapan bayaran lahat ng sabay ang employee pension insurance at mahirap ituloy ang negosyo, at kung kayo ay nakapasa sa mga kinakailangan, at may nasa loob ng 6 na buwan bago mag deadline ang bayad sa insurance atbp. mag apply sa pension office na malapit sa inyo at maaaring magpahintay hanggang sa makagawa ng pera para sa kabayaran.

2. Pagpostpone ng Kabayaran

Alinman sa mga sumusunod, kung nahihirapan bayaran lahat ang employee pension insurance, mag apply sa pension office na malapit sa inyo na local na welfare (branch) director, at maaaring i-postpone ang kabayaran.

- ① Kung ang ari-arian ay nasira o nanakaw
- ② Kung ang may-ari ng negosyo o kamag anak na gumagawa ng pamumuhay ay nagkasakit o nadisgrasya
- ③ Kung sinarado ang negosyo o nasuspende
- ④ Kung malubha ang nalugi sa negosyo

Kung "1. Pagpapahintay hanggang sa makagawa ng pera para sa kabayaran" O "2. Pagpostpone ng kabayaran" ay kinikilala.

- ◆ Ang halaga ng postponement ay maaaring bayaran ng kalahati kada buwan.
- ◆ Maghihintay hanggang makagawa ng pera para sa kabayaran (katulad ng ibebenta ang bagay na babayaran ng cash) at para hindi mabawi ang mga ari-arian.
- ◆ Habang pinopostpone ay maaaring ilan dito ay hindi kailangan bayaran ang huling bayad o late payment.

Para magamit ang Sistema ng postponement, kailangan magsumite ng aplikasyon sa pension office. Sa karagdang impormasyon pumunta sa malapit na pension office sa inyo.

* Kung may katanungan tungkol sa Health Insurance, mangyaring makipag-ugnayan sa pension office kung ikaw ay isang miyembro ng Association Kenpo, kung miyembro ka ng Health Insurance Association sa Health Insurance Association kailangan pumunta.



● Para sa mga katanungan

Malapit sa inyo na pension office (sa ibaba na URL o sa kanan na QR code)

<https://www.nenkin.go.jp/section/soudan/index.html>



National Health Insurance, National Pension, Medical Care System para sa matatanda at reduction ng pagbabayad (tax) para sa long term care insurance atbp.

Dahil sa epekto ng bagong impeksyon ng coronavirus na bumaba ang iyong kita o sweldo, maaaring i-postpone ang pagbawas sa halaga o exempt ang pagbabayad at deadline sa pagbabayad na nahihirapan bayaran lahat ng sabay ang national health insurance, national pension, medical care system para sa mga matatanda at nursing insurance (tax). Una sa lahat, mangyaring makipag-ugnay sa munisipyo, pension office o national health insurance society na kung saan kayo nakatira.



● Para sa mga katanungan

○ Tungkol sa pagbabayad ng National Health Insurance (tax)

⇒ Kagawaran na namamahala ng National Health Insurance sa munisipyo kung saan nakatira (Kung ikaw ay isang miyembro ng National Health Insurance Society, pumunta sa Society na iyan)

○ Tungkol sa pagbabayad ng Medical Care System para sa matatanda

⇒ Kagawaran na namamahala ng Medical Care System para sa matatanda sa munisipyo kung saan nakatira

○ Tungkol sa pagbabayad ng Nursing Insurance

⇒ Kagawaran na namamahala ng Nursing Insurance sa munisipyo kung saan nakatira

○ Tungkol sa pagbabayad ng National Pension Insurance

⇒ Kagawaran na namamahala ng National Pension Insurance sa munisipyo kung saan nakatira

Pagpostpone ng kabayaran sa Social Insurance ②



Sistema ng pagpostpone ng pagbabayad sa pambansang buwis

Dahil sa epekto ng bagong impeksyon ng coronavirus, kung nahihirapan bayaran lahat ng sabay ang pambansang buwis, sa pamamagitan ng pag-apply sa tax office, maaaring i-postpone ang bayad na babayaran. Bilang karagdagan, kung ang sitwasyon ay sumusunod sa ibaba, maaari rin i-postpone ang pagbabayad sa buwis. Mangyari muna makipag-ugnay na tanggapan ng buwis sa iyong lugar sa pamamagitan ng telepono. Ang tax office ay magsasagawa nang maagang pagsusuri sa inireseta.

[Indibidwal na sirkumstansya]

- ① Kung ang ari-arian ay nasira o nanakaw
- ② Kung ang may-ari ng negosyo o pamilya ay nagkasakit
- ③ Kung sinarado ang negosyo o nasuspende
- ④ Kung malubha ang nalugi sa negosyo

Kung maaprubahan ang pagpostpone

- ◆ Bilang isang pangkalahatang tuntunin, 1 taon ang postponement na maari. (Maaaring dagdagan pa ng 1 taon depende sa sitwasyon.)
- ◆ Habang postponement ang mga bayarin, ang late tax ay maaaring libre o hindi na bayaran.
- ◆ I-postpone ang pag-bawi ng ari-arian (pagbenta) o pagbayad sa babayaran.



● **Sa mga katanungan**

Ahensya ng Pambansang Buwis (sa ibaba na URL o sa kanan na QR code)

https://www.nta.go.jp/taxes/nozei/nofu_konnan.htm



Sistema ng postponement ng Lokal na buwis

1. Pagpostpone sa deadline ng pagbabayad at hirap bayaran lahat ng sabay

Sa mga nagbabayad ng buwis (kasama ang mga miyembro ng pamilya) na naapektuhan ng bagong impeksyon sa coronavirus, at mga kaso tulad ng mga sumusunod sa ibaba na may kaugnayan sa bagong impeksyon sa coronavirus, maaaring magamit ang sistema ng pagpostpone.

[Indibidwal na sirkumstansya]

- ① Kung ang ari-arian ay nasira o nanakaw
- ② Kung ang may-ari ng negosyo o pamilya ay nagkasakit
- ③ Kung sinarado ang negosyo o nasuspende
- ④ Kung malubha ang nalugi sa negosyo

2. Pagpostpone ng paniningil sa bayad sa pamamagitan ng aplikasyon

Dahil sa epekto ng bagong impeksyon ng coronavirus, kung nahihirapan bayaran lahat ng sabay ang Lokal na buwis, maaaring magamit ang pagpostpone ng paniningil sa bayad sa pamamagitan ng aplikasyon.



● **Sa mga katanungan**

Para sa konsultasyon ng pagpostpone sa deadline ng pagbabayad o hirap bayaran lahat ng sabay at sa mga katanungan, makipag-ugnay sa tanggapan ng prefecture o sa munisipyo.

Tungkol sa pagkaantala na pagbayad ng singil sa kuryente at gas

Kung ikaw ay indibidwal o kumpanya at kung kayo ay nahihirapan bayaran ang singil sa kuryente at gas dahil sa pagkalat ng bagong impeksyon sa coronavirus, aming ikukusindira ang sitwasyon at hindi puputulin ang supply dahil sa hindi nakabayad. Kami ay humihiling sa kumpanya ng gas at kuryente na iantala muna ang kabayaran at singil sa kuryente at gas.

(*) Bilang karagdagan para sa singil sa kuryente at gas, ang konsiderasyon ay binibigay din sa nahihirapan bayaran ang singil sa tubig, NHK, fixed line, paggamit ng mobile at pagrenta sa bahay. Kami ay humihiling na ang mga kumpanyang ito ay magbigay ng pagkakataon ipagpaliban ang singil at bayad.

i • Sa mga katanungan

Sa nahihirapan bayaran ang kuryente at gas, mangyaring kumonsulta muna sa iyong mga kinontrata na kumpanya ng kuryente at gas.

Listahan ng mga kumpanyang sumusuporta sa singil ng kuryente
(kabilang ang nakaplanong suporta)

https://www.enecho.meti.go.jp/coronavirus/pdf/list_electric.pdf



Listahan ng mga kumpanyang sumusuporta sa singil ng gas
(kabilang ang nakaplanong suporta)

https://www.enecho.meti.go.jp/coronavirus/pdf/list_gas.pdf



Seguridad para sa benepisyo ng pabahay (renta)

Batay sa sitwasyon tulad ng pagkalat ng bagong impeksyon sa coronavirus, dahil sa mga pagsuspende nabawasan ang kita, nasa sitwasyon na mawawalan ng trabaho o isasarado ang negosyo, sa mga may panganib na mawawala ang kanilang tirahan, kami ay magbibigay ng malawak na tulong na isang tiyak na tagal ng panahon ng kabayaran sa renta.

Seguridad para sa benepisyo ng pabahay

Sa makatatanggap ng tulong (kasalukuyan)

- Nawalan ng trabaho at nagsara ng kumpanya sa loob ng 2 taon.



Pagkatapos ng pagkalat ng coronavirus

- Nawalan ng trabaho at nagsara ng kumpanya sa loob ng 2 taon
- Dahilan ng isang indibidwal o taong kinauukulan ang hindi makakuha ng oportunidad at sahod atbp. kaya hindi makabayad sa upa.

Mga target na tao Mga taong nawalan ng trabaho at nagsara ng kumpanya sa loob ng 2 taon at dahil sa pagsuspende nabawasan ang kita, nawalan ng trabaho atbp. o nasa parehong sitwasyon

Takdang araw ng pagbabayad 3 buwan ang prinsipyo (3 buwan ay pwedeng i-extend hanggang makahanap ng trabaho (pinaka mahaba hanggang 9 na buwan))

Halaga ng kabayaran (Standard ng Tokyo's 23 special wards) Isang tao sa isang bahay 53,700 yen, 2 tao sa isang bahay : 64,000円, 3 tao sa isang bahay : 69,800円

Mga kinakailangan sa pagbabayad

- Kinakailangan sa sahod : Isang kabahayan ay hindi dapat sosobra ng 1/12 ang halaga ng kita na kung saan ang Municipal Inhabitant Tax sa bawat capita na batayan ng exempt + halaga ng upa (na hindi sosobra sa Espesyal na karaniwang halaga, para sa tulong sa pabahay)
(Standard ng Tokyo special ward) Isang tao sa isang bahay : 138,000 yen, 2 tao sa isang bahay : 194,000 yen, 3 tao sa isang bahay : 241,000 yen
- Kinakailangan sa ari-arian : Ang kabuuang halaga ng deposito o ipon ng isang kabuhayan ay kailangang hindi sumobra sa mga sumusunod (kailangan hindi rin sosobra sa 1 million yen)
(Standard ng Tokyo special ward) Isang tao sa isang bahay : 504,000 yen, 2 tao sa isang bahay : 780,000 yen, 3 tao sa isang bahay : 1 million yen
- Kinakailangan sa paghahanap ng trabaho : Kailangang maging tapat at masigasig sa paghahanap ng trabaho

*Hindi kailagang mag-apply sa Hello Work (simula sa Abril 30)

Atbp



● Sa mga katanungan at pag-apply

ay pumunta sa Independent Consultation Support Organization kung saan ka nakatira

Listahan ng contact sa buong Japan <https://www.mhlw.go.jp/content/000614516.pdf>



Suportang sistema para sa mga taong maliit ang sweldo o puhunan upang makapag sarili

Para sa mga nahihirapan o may iba't ibang problema sa pamumuhay, nagbibigay kami ng komprehensibong suporta na naaayon sa kalagayan ng bawat tao.

Daloy ng konsultasyon (Proyektong konsulta sa suporta sa pagsasarili)

Pag
tanggap
ng
konsulta

Aayusin
ang mga
isyu ng
sitwason
sa buhay

